# Modyul 2
# Pagsusuri ng Akda batay Teoryang Romanticismo at Teoryang Formalistiko



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka na? Ilan na ring paksa ang nabasa mo at natitiyak ko na marami ka na ring natutuhan sa mga modyul na inilaan para sa iyo. Nasagot mo bang lahat ang mga tanong? Sana naibigan mo ang mga kuwento. Kung nagustuhan mo ang mga iyon lalo nang magugustuhan mo ang inihanda kong babasahin mo ngayon.


Naniniwala ka ba na maraming pulo rito sa ating bansa?.. at marami rin tayong mga kultura at tradisyon. Bukod dito, alam mong iba-iba rin ang mga batas at patakarang pinaiiral. Anupa't mararagdagan pa ang iyong mga kaalaman sa kaysaysayan.

Ang kaalaman mo sa pagsusuri ay lalawak at gaya nang nauna may pagsusuring panglingguwistika, pangnilalaman at pampanitikan. May kaugnayan ito sa dati mo ng alam tulad ng karanasang pansarili at pang-iba na maaari mong maging batayan sa iyong kasagutan kaya ngayon ay tutulungan kang muli ng iyong babasahing modyul. Madali lamang ang pagsasanay nito. Makakaya mo ito at magugustuhan mong sagutin. Handa ka na ba? Kung gayon ay simulan mo na.




## Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa pag-unawa at pagsusuri sa akda.



## Paano mo gagamitin ang mga modyul na ito?

Sadyang inilaan sa iyo ang mga pagsasanay sa modyul na ito kaya't malaki ang maitutulong nito sa iyo. Sagutin mo nang maayos ang mga tanong. Huwag kang lilihis sa mga panuto o tuntunin upang maging madali ang iyong pagkatuto.

1. Sagutin mo ang panimulang pagsusulit sa bahaging "ANO BA ANG ALAM MO?" Susukatin nito ang iyong kaalaman tungkol sa aralin.

2. Iwasto mo ang mga sagot. Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung magkaroon ka man ng maraming mali, huwag mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang mga aralin. Isagawa mo nang maayos ang mga pagsasanay.

4. Gawin at sundin mo ang mga panuto.

5. Isulat mo ang iyong sagot sa inilaang sagutang buklet o “notebook”.

6. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging “Gaano Ka Na Kahusay.” Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

7. Maging matapat ka sa pagwawasto ng iyong sagot at mga gawa.

8. Tulad ng sinabi ko sa iyo, gabay at kaibigan mo ang modyul na ito, huwag mong susulatan at ingatan mo ang bawat pahina upang di mapunit.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Ang mga sumusunod ay ang panimulang pagsusulit. Ito ay susukat sa lawak ng iyong kaalaman sa akdang pinag-aaralan.

PANUTO: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot:

1. Sa kanila napangangalagaan ang moralidad ng pananamit. Nangangahulugan itong:

a. sumusunod sa uso
b. pagtalima sa batas
c. may dati ng resolusyon
d. may ipinatutupad na batas

2. Makatulong sana kayo upang di maging <u>dungis ng lipunan</u>. Ang may salungguhit ay nangangahulugang:

a makasalanang mamamayan
b. palaaway na kabataan
c. mamamayang mangmang
d. pabigat sa bayan

3.Isang dahilan ito ng paglaho niya sa sanlibutan. Nangangahulugan ang may salungguhit ng:

a. pag-alis
b. paglipat
c. pagkawala
d. pagwasak

4. Tungkol sa pamamalakad ng trapiko, may ordinansa sila na nagpaparusa sa mabagal magpatakbo ng sasakyan. Kung gayon dapat lamang na:

a. magpatakbo nang mabilis
b. magpatakbo nang tiyak na may kaligtasan
c. magpatakbo nang di nakakaabala
d.….magpatakbo tulad ng nakikipagkarera

9. Ang Miliminas at Pilipinas ay maaaring iisa dahil sa:

a. pagbanggit ng heograpiya nito
b. pagkakalarawan sa pananamit
c. pagkakaroon ng mga katiwalian
d. pagkakasundo sa mga transaksyon

10. May mga alagad ng pamayanan na gumagamit nang mabuti. Sila pa ang nagtatago dahil sa sila'y pinagtatawanan. Nagpapahayag lamang ito na may:

a. kakaibang patakaran dito
b. nakararami ang masama ngayon
c. kumukutya sa gumagawa nang mabuti
d. nagagalit sa kanila

11. Naghahanda ang pamilya ayon sa <u>katas ng kinabuhayan</u>. Ang may salungguhit ay nangangahulugang:

a. lebel ng hanapbuhay
b. taon ng paghahanapbuhay
c. kalagayan ng buhay
d. mariwasang buhay

12. Ang tradisyong Pilipino ay dapat lamang na:

a. kalimutan
b. palaganapin
c. alalahanin
d. baguhin

13. Ang tradisyong Pilipino ay sagabal sa pag-unlad. Ito'y isang:

a. kasabihan
b. opinyon
c. katotohanan
d. kongklusyon

14. May kasabihan silang iboto sa bulsa at hindi sa balota. Iboto dahil sa:
    a. takot sa bala
    b. maraming pera
    c. maraming bala
    d. takot mamatay

Madali lamang sagutin, di ba? Kung nahirapan ka man huwag mag-alala. Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin sa iyong guro ang susi ng pagwawasto. Mababa man ang iyong iskor tutulungan ka ng modyul na ito.

# II. Araling Blg. 1: Miliminas: Taong 0069

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na mga kasanayan.

1. Nabibigyang kahulugan ang mga pahayag at salitang ginamit sa akda.

2. Natutukoy ang mahahalagang detalye at kaisipan sa akda.

3. Nasusuri ang akda batay sa Romanticismong pananaw sa tulong ng sanaysay na satirikal.

4. Naiisa-isa ang bisa at kahalagahan ng akdang binasa upang maiwasto ang kamalian at kahinaan sa lipunan.

5. Nakasusulat ng sanayan tungkol sa mahalagang pamamahala, mga isyu sa telebisyon at pahayagan.

## B. Mga gawain sa pagkatuto

**1. Alamin mo…**

Panimulang Gawain.

Panuto: May iba't ibang paraan na kayong matututunan sa pagbibigay kahulugan sa salita o parirala. Ngayon naman, hanapin mo sa nakatala ang kahulugan ng may salungguhit:

1. Wala silang ginawa kundi aksayahin ang <u>kaban ng yaman</u>.

    a. kaban ng yaman
    b. pangangamkam

c. salapi ng bayan
d. pera sa bangko

2. Nahuhuli sila sa sibilisasyon

   a. paurong na pamumuhay
   b. mabagal na pag-unlad
   c. maraming tradisyon
   d. walang kaunlaran

- Ngayong tapos mo nang sagutin, iyong iwasto, hingin sa guro ang susi ng pagwawasto. Tama ba ang naging sagot mo? Tandaan mo ang iyong mga naging sagot at paghandaan ang iyong babasahin. Handa ka na nga ba?

Simulan mo na ang pagbabasa.

**2. Basahin mo…**

**Miliminas: Taong 0069**
**(Sanaysay/Hiligaynon)**

**Salin ni Ruby V. Gamboa-Alcantara mula sa**
**"Miliminas: Taong 0069" ni Nilo Par. Pamonang**

MILIMINAS, ITO ANG pangkat ng mga pulo na matatagpuan sa kalagitnaan ng Dagat Pasipiko bago pa magkaroon ng malaking pagbaha. Ito ay binubuo ng higit sa pitong libo at dalawang daang mga pulo.

Ang Miliminas – ito ang tawag sa mga mamamayan ng nasabing kapuluan – ay katulad din ang mga balat at hitsura. Ang kanilang pananalita ay tulad din ng sa atin. Ngunit dahilan sa nahuhuli sila sa sibilisasyon, may mga pag-uugali sila at pagsasalita na kaiba rin sa atin.

Mik ang tawag sa kanilang pera. At ang tawag nila sa isang taong may isang milyong mik, o sobra pa, ay mikinaryo. Sa pagbibihis, malaki ang pagkakaiba natin sa kanila. Ang kanilang tawag sa pormal na damit para sa mga babae ay ang katumbas sa atin ngayon ng bathing suit at kamiseta at korto para naman sa mga lalaki.

Para mapangalagaan ang kanilang moralidad sa pagbibihis, may batas silang ipinatutupad na hulihin ang sinumang magdadamit nang mahaba pa sa mini-skirt at micro-mini-skirt.

Ang upuan sa kanilang mga sasakyan ay nilalagyan ng kiluhan upang masukat ang timbang ng mga pasahero dahil ito ang pagbabatayan ng kanilang pamasahe. Ito ang tinatawag ng kanilang Public Disservice Commission na equality before the kilo.

Tungkol naman sa pamamalakad ng trapiko ay may ordinansa sila na nagpaparusa sa mabagal magpatakbo. Ang kasalanan nang mabagal magpatakbo ay tinatawag na not overspeeding.

Mayroon din silang serbisyo sa tubig na tinatawag na nawasdak. Ang ahensyang ito ay may tatlong uri ng tubo. Ang una ay nilalabasan ng malinis na tubig; ang ikalawa ay nilalabasan ng maruming tubig; at ang ikatlo, walang tubig kundi hangin lamang. Nakapagtataka? Ito ang pag-uuri ng quatwasdak*. Ang gripo na may malinis na tubig ay mahal ang bayad, para sa mayayaman lamang; ang may maruming tubig, para sa lahat ng marunong magtrabaho o kung mayaman naman, gustong magtrabaho; at ang pangatlo, para sa mga mahirap at ito ay walang bayad.

Mayroon ding nagmomonopolyo ng kuryente. Ito ang Patay Electric Company. Tatlo rin ang uri ng serbisyo nito sa publiko. Ito ang light service, brownout service at blackout service. Ang light service ay nagibigay ng ilaw sa araw at gabi. Ang brownout service ay nagbibigay ng ilaw kung hindi mo kailangan at mawawala kung kailangan mo ng ilaw sa pagkain ng hapunan at pagbabasa kung gabi. Kung gusto mo lang ng pandekorasyon, ang dapat mong ipakabit ay iyong blackout service.

Ang sidewalk sa kanilang lungsod ay higit na malalapad kaysa sa atin. Bakit nga ba? Ang dahilan ay sapagkat ang mga bazaar ang umuukupa ng mga sidewalk at ang mga nagtitinda ng sigarilyo at kung anu-ano ang siyang umuukupa ng mga kwartu-kwarto ng mga bazaar. At sabihin pa, ang mga may-ari ng mga bazaar ang hinuhuli ng mga pulis sa kanilang pagtitinda sa mga sidewalk.

Ang mga opisyal sa bansa na tumaba habang sila ay nasa serbisyo ay pinapatawan ng sala o akusasyon sa kanilang mga resolution, genuine na mga batas, at iba pa.

Upang mapagkatiwalaan ang mga matataas na opisyal ng bansa, itinatag ang anti-genuine commission para sa paghuli ng mga nagpaparami ng pag-aari o tumatanggap ng mga lagay na genuine, tulad ng genuine na resolutions, genuine na pera, genuine na batas, at iba pa.

Ang pinakamalaking tindahan ay tinatawag na super blackmarket. May pintura itong itim. Dito ipinagbibili ang mga bagay na ngayon ay ipinagbabawal tulad ng blusil na sigarilyo, apyan, mga bagay na ninakaw, at mga ipinagbibiling pekeng bagay. Ang mga genuine na bagay ay ipinagbibili nang patago at tigkakaunti lamang dahil laging hinuhuli ng mga alagad ng katiwalian ang nagbebenta ng mga ito at kinukumpiska pa ang kanilang mga paninda. Katiwalian ang tawag nila sa kanilang batas, at ang nagpapatupad nito ay tinatawag nilang alagad ng katiwalian.

Ang mga baril ng mga alagad ng katiwalian ay paltik. Dahil sa ang nag-aari ng lisensyadong baril ay hinuhuli at pinapatawan ng salang illegal possession of genuine firearm.

Sa panahong ito ay uso rin ang kickback na kaunti lang ang ikinaiba sa ating tinatawag na kickback ngayon. Ang mga buwaya ng bansa (ito ang tawag sa mataas na opisyal sa pamahalaan) ay sinisipa sa likod para sa bawat gatas o milk na tanggaping suhol sa kanyang mga transaksyon. Ang mga buwaya ng bansa ay tumitigil sa pagpapasipa kapag makapal na ang kanilang likod dahil ito ang magiging isang batayan sa pagpili ng isang outstanding buwaya of the year.

Dalawang klase ng batas ang ipinalalabas ng kanilang batasan na tinatawag na Circus of Miliminas. Ang isang batas ay para sa mga mayayaman at ang isa ay para sa mahihirap.

Ang mga alagad ng bansa ay maliit lang ang sweldo pero malaki naman ang kanilang maaaring gastusing representasyon.

Ang mga mamamayan ng Miliminas ay masyadong relihiyoso. Tatlo ang paborito

nilang mga santo – ang mik (ang pera mismo), ang buwaya, at si Santasa, isang taong may sungay at buntot katulad ng tinatawag natin ngayong satanas. Ang pinakamalaking kasalanang magagawa ay ang hindi pagpatay, hindi pagtataksil sa asawa at hindi pag-angkin sa yaman ng iba, kundi ang pagkaawa sa mahihirap at ang hindi pagbibigay ng anumang hingin sa kanila ng mga buwaya ng bansa.

Ang mga malaking transaksyon ng pamahalaan ay pinagkakasunduan sa ilalim ng puno, at tinatawag nila itong shady transactions. Ang iba naman ay binubuo sa ilalim ng mga mesa ng mga opisyal ng pamahalaan. Dahil dito, ang mga mesa ay matataas para hindi mauntog ang ulo ng mga opisyal kapag sumusuot sila sa ilalim nito.

Ang mga hues de pas natin ngayon ay tinatawag nila na hues de paupas. Parang nakakatawa, ano? Pero iyan ang katotohanan. At isa pang nakapagtataka, ang ginugwardyahan ay ang mga walang kasalanan. Bakit ganoon ang pamamalakad ng hustisya rito? Iyan ang batas. At ang balak ay mapili ng hues de paupas kung sinu-sino sa mga mamamayan ang palaaway at iskandaloso at sino ang mababait. Pagkatapos ng bista at bumaba na ang hatol, ibinibilanggo ang mga walang sala upang ihiwalay sa maraming mga nakalalayang masasamang tao. Sabihin pa, malalaki pa ang bilangguan dito at kumpleto sa mga kasangkapan kaysa sa labas. Ang lahat ng bilanggo ay tinatawag na VIP (Very Important Prisoner).

Kung tungkol sa sistema ng pagpili ng mga opisyal, ibang-iba sa atin. Simula pa lang ng kampanya, magkakaharap na sa entablado ang magkakalaban sa politika. Nagbabatuhan ng putik. Sa atin ngayon ang "mudslinging" ay pasaring lamang sa mga talumpati samantalang sa kanila ay talagang ginagawa. Ang bawat kandidato ay dapat magsinungaling, magmura, mambato ng putik sa kalaban, mangako ng mga hindi matutupad, dahil kung hindi niya ito gagawin ay pawawalan ng bisa ang kanyang kandidatura ng Komisyon ng Kalokohan, ang ahensyang namamahala sa eleksyon. Sa araw ay namimili rin ang tao ng iboboto kahit na ang isinusulat sa balota ay hindi na nila pinag-iisipan. Ang iniisip nila ay ang naipon na bala ng mga kandidato, at mga napatay ng kanilang mga kampon, at ang may pinakamaraming pera. Ang kanilang ibinoto ay tinatawag na ibinoto sa bala at hindi ibinoto sa balota.

Ang mga politika at ang kanilang mga kampon ay hindi natatakot mapatay at pumatay sa panahon ng kampanya at eleksyon dahilan sa kanilang paniniwalang ito ang magdadala as kanilang kaluluwa sa impyerno kung saan mabubuhay sila nang maligaya kasama si Santasa, ang kanilang paboritong santo.

Ang eleksyon ay tuwing ikalawang taon. Kung gayon ay masasabi natin na madaling maubos ang mga mamamayan rito kung madali ang patayan sa panahon ng eleksyon. Subalit nababawi rin ito ng imbensyon ng isang bantog na baliw (ito ang tawag nila sa kanilang henyo) na nakabuo ng isang tableta na kung iinumin ng mag-asawa ay magkakaanak ang babae ng tinatawag na instant baby, na ipinagbubuntis sa loob lamang ng dalawampu't apat na oras.

Napakadali ng pagpapalilt-palit ng kapangyarihan sa Miliminas. Patuloy din ang pag-iral ng mga bayang kontento na sa klase ng pamamalakad dito na sa ngayong panahon ay masasabing kabaligtaran ng mga pangyayari. Ipinagmamalaki pa ng mga mataas ang katungkulan sa pamahalaan ang pagsasamantala sa kabuhayan ng mga mamamayan. Ang bagong Milimino, ang mga bayaning gumagala sa kapuluan, sila ang magigiting na tumatanggap ng mga papuri na maririnig mo sa bibig ng nakaraang administrasyon. At sino ang kanilang pinatutungkulan? Ang pinatutungkulan nila ng mga

papuri ay ang mga ismagler, mga namomorsiyento, mga kickback artist, mga mayaman na nang-aapi sa mga mahihirap, mga nang-aagaw ng lupa ng may lupa, mga alagad ng katiwalian na nang-aabuso sa mga mamamayan, mga hues de paupas at mga pislak (piskal) na hindi tumitingin sa kislap ng espada ng katarungan, at timbangan ng katotohanan kundi tumitingin sa kalansing ng pilak at timbangan ng malalakas at maykapangyarihan, mga walang ginagawa sa bayan kundi aksayahin ang kaban ng bansa sa halip na gamitin ang kanilang katungkulan sa pagsisilbi sa publiko ay ginagamit pa ito sa pangangamkam ng yaman.

Ang ilan sa mga alagad ng bayan na sa ngayon ay masasabi nating gumagawa ng mabuti ay nagtatago, nahihiya dahil pinagtatawanan sila ng kanilang mga kasamahan. Hindi lang iyan, kinukutya pa sila, at kung mahuli ng kanilang hepe, ay kinagagalitan pa at inaalis sa trabaho.

May ilang kabataan na malawak ang pag-iisip na tumawag ng isang pulong kung saan ipinaliwanag nila ang kaibhan ng pamamahala na kanilang isinasagawa. Ang kanilang prinsipyo ay humihingi ng isang klase ng pag-uugnayan ng mga namamahala at pinamamahalaan. Noong simula ay tinatawanan lamang sila ng mga pinuno. Ngunit nang lumaon ay dumami na ang dumadalo sa kanilang pulong, bukod pa sa mga mahirap. Ipinagbawal ng pamahalaan ang pagdaraos ng pulong ng grupong ito ng mga kabataan na tinawag nilang dungis ng lipunan.

Ang simpatiya ng mga mahirap ay nakuha ng mga kabataan. At ang pagbabawal sa kalayaan ng mga ito, at nang lumaon ay pagpatay ng ilan sa kanila ang naging dahilan ng pagkagalit ng mga mayaman at ng mga may katungkulan. Sumiklab ang isang rebolusyon na lumaganap sa buong kapuluan ng Miliminas.

Bilang parusa sa kanila ng kanilang diyos na si Santasa, dumating ang isang malaking baha, nagkaroon ng malakas na paglindol hanggang sa pumutok ang isang malaking bulkan sa kailaliman ng dagat sa gitna ng kapuluan na siyang naging dahilan ng paglalaho ng Miliminas sa sanlibutan.

- Binasa mo bang mabuti ang akda? Naunawaan mo ba ito? Nataandaan mo ba ang mahahalagang detalye at pangyayari sa akda?

Kung gayon, handa ka na para sagutin ang mga pagsasanay na inihanda ko.

Simulan mo na.

**3. Linangin mo…**

a. Pagsusuring Panglinguwistika

Panuto: Ayusin ang mga pantig na nakakahon upang mabuo ang mga imbentong salita na ginamit sa akda.

| | | | |
|---|---|---|---|
| DAK | WAS | NA | |

1. Ito’y serbisyo at ahensya ng tubig.

| | | | |
|---|---|---|---|
| PAS | PAU | DE | SEUH |

2. Ang hustisya na pumipili kung sino ang

mamamayang palaaway at iskandaloso

| DUM | NGI | LIS | GN |
|---|---|---|---|

3. Mga pagbabatuhan ng mga pasaring at masasamang salita

| TA | SA | SAN |
|---|---|---|

4. Isang taong may sungay at buntot katulad ni Satanas sa ngayon

| KKCI | CBKA |
|---|---|

5. Ito ay tawag sa pagpapasipa sa likod

Panuto: Ang salitang may salungguhit sa HANAY A ay mga mahihirap na salita na ginamit sa akda. Hanapin mo ang katumbas na kahulugan nito sa HANAY B. Titik lamang ang isulat.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. nahuli sa <u>sibilisasyon</u> | a. pinagbibintangan |
| 2. may <u>ordinansa</u> sila | b. kasamaan |
| 3. <u>pinapatawan</u> ng sala | c. kalinangan |
| 4. maraming <u>katiwalian</u> | d. regalo/lagay |
| 5. <u>suhol</u> na ibinigay | e. batas |

b. Pagsusuring Pangnilalaman:

1. Ang Miliminas ba ay piksyonal o totoong lugar?
   Patunayan.
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
2. Paghambingin ang Miliminas at ang Pilipinas ayon sa lokasyon, dami ng pulo, at katangiang pisikal ng mga tao.

| Aspeto | Miliminas | Pilipinas |
|---|---|---|
| lokasyon | | |

| | | |
|---|---|---|
| dami ng pulo | | |
| katangiang pisikal ng tao | | |

3. Batay sa iyong pagkakahambing, maaari bang sabihin na ang Miliminas at Pilipinas ay iisa lamang? Ipaliwanag.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Sa mga legal/mabuting gawain sa Miliminas, pumili ng tatlo na sa palagay mo ay malaking problema sa Pilipinas ngayon. Ipaliwanag ang batayan ng iyong pagpili.
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

5. Ibigay ang pinakamahalagang kaisipan at impormasyong natutuhan mo sa akda

   a. kaisipan

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   b. impormasyon

   _______________________________________________

   _______________________________________________

6. Anong kaisipang bago sa iyo ang nabuo mo matapos mabasa at mapag-aralan ang akda?
_______________________________________________
_______________________________________________

_______________________________________________

c. Pagsusuring Pampanitikan.
Bago mo gawin ang sumusunod, alamin mo muna ang isinasaad ng nasa loob ng kahon.

Ang Sanaysay na Satirikal

Ang sanaysay ay isang komposisyong pampanitikan na naglalahad ng sariling idea o kaisipan ng may akda sa isang paksa. Ang sanaysay na satirikal ay isang sanaysay na naglalantad ng mga kabulukan, kamalian, bisyo o kahinaan ng mga tao at ng kanyang lipunan sa pamamagitan ng panunuya, pangungutya, at pagbabaliktad ng katotohanan. Madalas na isinasagawa ang satiro sa istilong nakatatawa.

ROMANTICISMO

Ang romanticismo ay isang kilusan noong huling bahagi ng ikalabingwalong siglo na dumadakila sa individualismo, revolusyonismo, inobasyon, imahinasyon, at natural na ugali. Binigyan nito ng mas malalim na paghanga ang mga kagandahan ng kalikasan at pinaburan ang emosyon sa halip na katalinuhan. Sa panitikan, binigyan-diin nito ang kabayanihang individual, ang kakaiba, at ang misteryoso.

- Nauunawaan mo ba ito?

Kung gayon, suriin mo ang akdang "MILIMINAS 0069" batay sa sanaysay na satirical

1. Pumili ng isang pangyayari. Bigyang kaugnayan ito sa nangyayari ngayon. Nalantad ba sa pinili mong pangyayari ang mga bisyo at kahinaan…

| PANGYAYARI | BISYO | KAHINAAN |
|---|---|---|
| | | |

2. Pumili ka pa ng isang pangyayari. Ilahad mo ang iyong paniniwala nito. Naipakita ba ng pangyayaring ito ang kaugnayan sa kasalukuyan.

| PANGYAYARI | PANINIWALA | KAUGNAYAN SA NANGYAYARI SA KASALUKUYAN |
|---|---|---|
| | | |

3. Anu-anong katangian ng akdang "Miliminas" ang maaaring nagustuhan ng isang romantisista?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________

4. Aling bahagi ng akda ang pinaka-nakatatawa? Ipaliwanag.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________

d. Halagang Pangkatauhan:

Piliin ang titik ng tamang sagot na may kaugnayan sa pahayag:

1. Mahalagang malaman mo ang kaalamang pandaigdig sapagkat:

   a. maipaglalaban mo ang sistema
   b. magkakaroon ka ng kamalayan sa mga nangyayari

c. maaaring makisangkot ka sa mga nangyayari
d. makapagbigay impormasyon sa nangyayari

2. Maipakikita ko ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng:

   a. pagsunod sa mga tuntunin
   b. pagkakaroon ng proyekto
   c. pagsunod sa batas-trapiko
   d. pagiging bayani

3. Bago matawag na bayani ang isang mamamayan dapat ay:

   a. mamatay muna para sa bayan
   b. manguna sa mga pulong
   c. maging huwaran sa mabuting gawa
   d. maging malakas sa pamahalaan

**4. Palalimin mo…**

Dugtungan mo ang sumusunod na mga pahayag. Matapos mong mabasa ang akda:

Nalaman ko na ________________________________________________________

Naramdaman kong ______________________________________________________

Masasabi ko na ________________________________________________________

- Iwasto mo ang iyong sagot. Hiramin sa guro ang susi ng pagwawasto. Kung ang iyong sagot ay malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**5. Gamitin mo…**

Lagyan mo ng star (☆) ang mga pahayag na sa tingin mo'y positibo at bilog ( ○) kung negatibo.

1. Pangalagaan ang moralidad sa pagbibihis.

2. Sumunod sa pamamalakad ng batas-trapiko.

3. Lagyan ng upuang may kiluhan ang iyong sasakyan.

4. Dapat ay magkaroon ng bukod na batas ang mayayaman at ang mahihirap.

5. Ang mga opisyal ng bansa ay katiwa-tiwala.

6. Karaniwan na rin ngayon ang kick-back.

7. Gumawa tayo ng mga legal na bagay lamang.

8. Ang bawat kandidato ay kailangang magsinungaling at mangako kahit di matupad.

9. Humingi ng pahintulot bago magsagawa o tumawag ng pulong.

10. Huwag aksayahin ang kaban ng bayan.

- Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin ang susi ng pagwawasto na nasa iyong guro.

Mataas ba ang nakuha mong iskor?

Kung mataas ang iyong iskor. Magaling!

Gawin mo na ang susunod na pagsasanay.

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Punan ng nawawalang salita ang bawat patlang upang mabuo ang kaisipan. Piliin ang angkop na sagot sa loob ng kahon sa ibaba.

Nagkasayahan sila. Makisali na nga. Magandang panukala.

Isang pulong ang kanilang isinasagawa. Mga kabataang may magagandang __1__, maasahan sila sa __2__. May kanya-kanyang __3__ para sa ikauunlad ng __4__. Di __5__ kung mapagkaisahan at maisakatuparan ang kanilang balak. Natatanaw na ang __6__. Isa itong malaking __7__, isang kaganapa't maraming __8__.

Makikiisa kayo. Naiisip ko, laking __9__ ang matatamo sa __10__ na isasagawa nila.

| | | |
|---|---|---|
| Pakinabang | proyekto | kaunlaran |
| Mungkahi | pagbabago | maglalaon |
| Balak | pamayanan | pangarap |

| | | |
|---|---|---|
| pamamalakad | abala | makakamtan |

Iwasto mo ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Nakakuha ka ba ng iskor na 5 pataas? Mahusay kung gayon.

**7. Lagumin mo…**

Naunawaan mo ba ang akda? Anu-anong aral ang inihatid nito sa iyo? Lagyan ng tsek ( ✔ ) kung ang pahayag ay angkop.

1. Sumunod sa batas at iba pang kautusan.
2. Punahin ang sinumang lumabag sa ordinansa.
3. Mahirap ka lang kaya papaapi ka sa mayaman.
4. Kailanman, di mangingibabaw ang kasamaan.
5. Laging tandaan, sa pagkakaisa layunin ay napagtatagumpayan.

- Tingnan mo kung tama ang iyong mga sagot. Iwasto mo ito sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro.

**8. Subukin mo…**

Natutunan mo na bang lubos ang kaalaman sa akda? Tingnan natin. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit.

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Miliminas ang tawag sa mamamayan ng nasabing kapuluan; may pag-uugali sila sa pagsasalilta at kakaiba sa atin na naging dahilan sa pagiging huli nila sa:

   a. kabuhayan
   b. sibilisasyon
   c. edukasyon
   d. tradisyon

2. "Miliminas: Taong 0069". Ang taong tinutukoy rito ay:

   a. Panahon ng Kastila
   b. Panahon ng Intsik
   c. Panahon ng Hapon
   d. Panahon ng Amerikano

3. Laganap pa rin hanggang ngayon ang pagkakaroon ng <u>kickback</u>. Nangangahulugan itong:

   a. kitang paumi't
   b. kitang-kita
   c. dagdag kita
   d. kayang-kaya

4. Mik ang tawag sa kanilang pera, kaya kung marami kang mik o kaya'y milyong mik ikaw ay:

   a. milyonaryo
   b. mikinaryo
   c. makinarya
   d. mimikinaryo

5. Ang tawag sa mataas na opisyal sa pamahalaan na karaniwang tumatanggap ng suhol sa mga transaksyon ay:

   a. kickback
   b. under the table
   c. buwaya
   d. mga illegal

6. Sa mga pahayag na nakapaloob sa akda, ang di kapani-paniwala ay ang:

   a. pag-imbento ng tableta na kung iinumin ay magkakaroon ng instant baby
   b. pagpapatungkol ng papuri sa mga ismagler
   c. pagbabatuhan ng maaanghang na salita
   d. pagboto na ang isinusulat sa balota ay din na nila pag-iisipan

7. Ang "Miliminas" ay isang ________

   a. maikling kuwento
   b. nobela
   c. anekdota
   d. sanaysay

8. Sumisimbolo ang "Miliminas 0069" sa:

   a. isang pamayanan
   b. bagong lipunan
   c. Pilipinas noong unang panahon
   d. Mga katutubo

9. Ano kaya ang iyong gagawin kung buhay ka na noong panahon ng Miliminas 0069?

   a. magkaroon ng sariling sistema
   b. matutong tanggapin ang pamamalakad
   c. makipagkasundo sa mga pinuno
   d. manguna sa pagbabago

10. Pinatunayan sa sanaysay na may:


   a. pagkakahawig ang pamamalakad noon sa ngayon
   b. mga katiwalian ding nangyayari noon sa ngayon
   c. pinupuri at binabatikos noon at ngayon
   d. maaaring ang lahat ng nabanggit

- Iwasto mo na ang iyong sagot. Hiramin ang susi ng pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iyong iskor ay 7-10, handa ka na sa susunod na aralin at kung ang iskor ay 6 pababa, gawin mo ang sumusunod na pagsasanay.

**9. Paunlarin mo…**

Isulat mo sa ibaba ang pangunahing kaisipan at pantulong na kaisipan na napapaloob sa binasang akda.




- Tingnan mo ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ito'y malapit sa tamang sagot ay katanggap-tanggap na ito.

Alam ko handa ka na sa susunod na ikalawang aralin, kaya magsimula na tayo.

# *III. ARALIN 2: Pagislam*

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na mga kasanayan:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga pahayag at mga salita na ginamit sa akda
2. Natutukoy ang mahahalang detalye at kaisipan sa akda
3. Nasusuri ang akda batay sa teoryang Formalismo sa tulong ng iba't ibang tradisyon at paniniwala
4. Napatutunayang mahalaga ang paggalang sa paniniwala ng iba upang makamit ang mithing kapayapaan at pagkakaisa.
5. Nakasusulat ng salawikain/sanaysay na may kaugnayan sa kaisipang hatid ng akda.

## *Mga Gawain sa Pagkatuto?*

**1. Alamin mo…**

Sa nakaraang modyul iba ang paraan ng pagpapakahulugan sa mga salita ang natutuhan mo. Ngayon madali mong mabibigyan ng kahulugan ang salitang may salungguhit dahil nasa loob na rin ng pahayag ang singkahulugan. Hanapin at isulat ang salita sa sagutang buklet.

Simulan mo na.

1. Maraming seremonya ang isinasagawa at sa pagdiriwang na ito'y masasabi mong kakaiba sa lahat.
2. Ang pagislam ng mga Maguindanawon ay isinasagawa ng matandang babae na may kinalaman sa kaugaliang ito samantalang ang pagbibinyag ng mga katoliko ay isinasagawa ng pari.
3. Lahat ng mga paniniwala na ating kinagisnan ay mga tradisyong minana natin sa ating mga ninuno.

– Ang bilis mo namang matapos. Nangangahulugan lamang na madali ang gawain para sa iyo. Hingin mo sa iyong guro ang susi ng pagwawasto. Iwasto mo na ang iyong sagot. Tama bang lahat ang iyong sagot? Kung ganon ay “Kay inam” naman.

Tandaan mo ang iyong mga naging sagot at paghandaan ang babasahin. Handa ka na ba?

Maaari ka nang magsimula.

2. **Basahin mo…**

***PAGISLAM:***

**Ang Pagbibinyag ng mga Muslim**
**(Sanaysay/Muslim)**

**Salin mula sa Ingles ni Elvira B. Estravo**

NANINIWALA ANG MGA Muslim na ang isang sanggol ay ipinanganak na walang kasalanan, kaya di kailangang binyagan. Ganoon pa man, mayroon silang isang seremonya na kahalintulad ng binyag na tinatawag na *pagislam*. Pinaniniwalaang ito ang pagbibinyag ng mga Muslim.

Sa katunayan, mayroon silang tatlong uri ng seremonyang panrelihiyon na napapaloob sa pagislam, na ginagawa sa tatlong magkakaibang araw sa buhay ng isang sanggol.

Ang unang seremonya ay ginagawa ilang oras pagkapanganak. Isang *pandita* ang babasa ng *adzan* o kang sa kanang tainga ng sanggol. Ito’y ginagawa upang dito’y ikintal na siya’y ipinanganak na Muslim at ang unang salitang maririnig ay ang pangalan ni Allah.

Ang pangalawang seremonya ay higit na kilala bilang *penggunting o pegubad*. Ginagawa ito pitong araw pagkapanganak. Naghahandog ang mga magulang ng kanduli, isang salu-salo bilang pasasalamat sa pagkakaroon ng anak. Dito’y inaanyayahan ang mga kaibigan, kamag-anakan at *pandita*.

Ang paghahanda ay ayon sa antas ng kabuhayan ng mga magulang sa pamayanan. Karaniwang nagpapatay ng hayop, kambing o baka. Ang hayop na ito ay tinatawag na *aqiqa*, na ibig sabihi’y paghahandog ng pagmamahal at pasasalamat.

Sa okasyong ito, ang binibinyagan o pinararangalan ay binibigyan ng pangalan ng isang pandita pagkatapos na makaputol ng ilang hibla ng buhok ng sanggol. Inilalagay sa isang mangkok na tubig ang pinutol na buhok. Ayon sa paniniwalang Maguindanao, pag lumutang ang buhok, magiging maginhawa at matagumpay ang tatahaking buhay ng bata. Ngunit kapag ito’y lumubog, siya’y magdaranas ng paghihikahos at paghihirap.

Ang bahaging ito ng seremonya ay di kinikilala ng Islam ngunit bahagi ito ng tradisyon, patuloy pa ring ginagawa ng ilang Maguindanawon. Isa pa ring bahagi ng tradisyon na kasama ng seremonya ay ang paghahanda ng buaya. Ito ay kakaning korteng buaya na gawa sa kanin, dalawang nilagang itlog ang pinakamata at laman ng niyog ang ginagawang ngipin. Nilalagyan din ang buaya ng manok na niluto sa gatang kinulayan ng dilaw. Inihahanda ito ng isang matandang babaing tinatawag nilang *walian*, isang katutubong hilot na may kaalaman sa kaugaliang ito. Ginagawa ito para sa kaligtasan ng bata kung naglalakbay sa tubig. Pinakakain sa mga batang dumalo sa seremonya ang *buaya*.

Ang ikatlo at huling seremonya ay ang *pagislam*. Ginagawa ito kung ang bata ay nasa pagitan ng pito hanggang sampung taong gulang. Tampok na gawain sa seremonyang ito ang pagtutuli. Tinatawag itong *pagislam* para sa mga batang lalaki at *sunnah* para sa mga batang babae. Ginagawa ito upang alisin ang dumi sa kanilang pag-aari. Ang *pagislam* ay ginagawa ng isang *walian*, na karaniwang isang matandang babae na may kaalaman sa kaugaliang ito. Ang seremonya ay karaniwang ginagawa sa araw ng *Maulidin Nabi* o sa ibang mahalagang banal na araw ng mga Muslim.

Binasa mo bang mabuti ang akda? Naunawaan mo ba ang detalye at kaisipang nakapaloob sa akda.

Kung naunawaan mo na ang mga detalye at kaisipan, sagutin mo na ang mga pagsasanay. Madali rin ang mga ito. Simulan mo na.

**3. Linangin mo…**

a. Pagsusuring Panlinggwistika

Piliin ang titik ng tamang sagot batay sa pahayag na sumusunod:

1. Kilala bilang Diyos ng mga Muslim.

   a. Penggunting
   b. Adzan
   c. Ama
   d. Allah

2. Ang tawag sa seremonya sa pagbibinyag ng isang Muslim.

   a. Sunnah
   b. Pagislam
   c. Aqiqa
   d. Walian

3. Kilalang hayop na ang ibig sabihin ay paghahandog ng pagmamahal at pasasalamat.

    a. buwaya
    b. pegubad
    c. aqiqa
    d. adzan

4. Ito ang tawag sa katutubong hilot:

    a. aqiqa
    b. Pagislam
    c. Walian
    d. Sunnah

5. Isang uri ng kakaning korteng hayop na gawa sa kanin:

    a. Sunnah
    b. Pagislam
    c. Buwaya
    d. Aqiqa

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Suriin ang bawat pahayag. Isulat ang **A** kung dapat at **B** kung di dapat paniwalaan ang sumusunod:

_____1. Ang pagbibinyag sa sanggol

_____2. Mga pamahiin

_____3. Ang pag-aalay ng buhay sa diyus-diyusan

_____4. Pagsisimba o pagsamba

_____5. Pagbibigay limos sa mga pulubi sa kalsada

_____6. Lahat ng sinasabi ng kausap

_____7. Mga ritwal at punsoy

_____8. Mga panaginip at guniguni

_____9. Ang relihiyon ay naglalapit ng tao sa Panginoon

_____10. Gabay ang panganay sa buhay

Gamitin ang istratehiyang TAC (Think About Consequences) sa susunod na pagsasanay.

Sabihin kung ano ang mangyayari sakaling:

a) hindi naihandog sa Diyos ang isang bata

b) hindi sumunod sa pinag-uutos ng relihiyong kinaaaniban


c) sumuway sa batas ng tao at ng Diyos

d) maniwala sa mga pamahiin at panaginip

e) kung magbago ng relihiyon ang isang tao

- Isa pang gawain ang inihanda ko sa iyo. Gamitin dito ang graphic organizer.

Suriin at pag-aralan ang ilang tradisyon at kaugaliang Pilipino na may kinalaman sa pananampalataya. Para sa iyo, alin ang dapat na paniwalaan? Ang hindi dapat paniwalaan? Alin naman ang sa palagay mo'y haka-haka lamang.



**c. Pasgsusuring Pampanitikan**

Bago mo isagawa ang sumusunod na pagsasanay, alamin mo muna ang isinasaad ng nasa loob ng kahon.

> FORMALISMO
>
> Ang formalismo ay tumutukoy sa isang uri ng kritisismo na nagbibigay-diin sa forma ng isang texto at hindi sa nilalaman nito. Binibigyan nito ng markadong atensyon ang kaayusan, istilo o paraang artistiko ng texto. Iniiwasan nito ang pagtatalakay ng mga elementong labas sa texto mismo, tulad ng histori, pulitika, at talambuhay.

- Binasa mo na ba ang nakakahon? Naunawaan mo na?

Kung gayon, suriin mo na ang akdang "PAGISLAM". Isaalang-alang mo ang teoryang binasa na nasa loob ng kahon, ang Formalismo.

4. Mayroon bang maayos na simula, gitna, at wakas ang akda? Patunayan.

| MGA BAHAGI | PATUNAYAN |
|---|---|
| SIMULA | |
| GITNA | |
| WAKAS | |

5. Bakit itinuturing na Teoryang Formalismo ang ganitong uri ng akda?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_____________________________________________________

6. Ibigay ang pangkalahatang impresyon sa sinuring akda pati na ang istilo ng awtor at kayarian ng sanaysay. (Isa-isahin ang tiyak na pahayag na hinango sa akda upang maging mabisa ang pagsusuri)

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_____________________________________________________

**d. Halagang Pangkatauhan:**

1. Bakit mahalaga ang paggalang sa paniniwala ng iba? Ipaliwanag.

2. Paano mo maipakikita na hindi hadlang ang relihiyon at paniniwala sa ikabubuti ng lahat.

3. Naniniwala ka ba na hanggang ngayon ay may kinalaman pa rin ang paniniwalang Muslim at Kristiyano sa kaguluhan sa Mindanao? Bakit?

4. May kaibigan kang Muslim at nangunguna sa pagkakaroon ng kaguluhan sa Mindanao. Maaari mong mapagbago ang kanyang pananaw sa buhay kung iyong:

   a. hihikayatin siyang maging Kristiyano

   b. igagalang mo ang kanyang paniniwala

   c. bibigyan siya ng aral upang magbago

   d. ipakikita mong mabuti ang pagiging Kristiyano

- Nasagutan mo na ba ang mga pagsasanay? Iwasto ang naging sagot mo. Hiramin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

Kung ang sagot mo ay malapit sa tamang sagot, ito'y katanggap-tanggap.

4. **Palalimin mo…**

Basahin at unawain mo ang sumusunod na sitwasyon.

1. Kung isa sa kapatid mo'y sumali sa ibang paniniwala o relihiyon paano mo matutulungang magbalik sa kinagisnan niyang relihiyon? Lagyan ng tsek ( ✓) ang maaari mong gawin at ekis (**x**) ang di mo gagawin.

    a. Pagpapayuhan ko siya

    b. Pababayaan na lamang

    c. Pagagalitan hanggang sa magsisi

    d. Paliliwanagan ko siya nang buong husay

    e. Ipadarama ko sa kanya ang pagmamahal

    f. Sasabihan ko siya na makiisa sa pamilya

Naging madali ba para sa iyo ang gawain? Iwasto mo ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pag-wawasto. Hiramin mo na sa iyong guro.

5. **Gamitin mo…**

Magbigay ka ng ilang mungkahi upang ang ilan sa mga kaibigan mo'y tumibay ang pananalig at kapit sa kanyang pananampalataya.

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro.

6. **Sulatin mo…**

Sumulat ng isang sanaysay na may kaugnayan sa natatanging paniniwala tungkol sa pistahan at kapayapaan. Pumili ng isa sa sumusunod na paksa. Ilapat ang teoryang iyong napag-aralan.

a. Ang Miyerkules sa Baclaran

b. Ang Buling-buling sa Pandacan


c. Pista ni Sto. Niño

d. Flores de Mayo sa Amin

- Tingnan mo ang iyong gawa o nilalaman ng sanaysay na nasa iyong guro, kung malapit ang iyong gawa ay maaari na ito.

**7. Lagumin mo…**

Bumuo ng kaisipan tungkol sa paksa batay sa dayagram:




- Tingnan mo ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong sagot ay malapit dito; maaari na ito.

**8. Subukin mo…**

Sapat na ba ang kaalamang natutunan sa akdang iyong pinag-aralan? Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit.

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang nais ipabatid ng pahayag na? “naniniwala ang mga Muslim na ang isang sanggol ay ipinanganak na walang kasalanan.” Na ang mga sanggol ay:

   a. katulad ng mga anghel
   b. di na kailangang binyagan
   c. sumailalim sa babasa ng adzan
   d. magkaroon pa ng seremonya

2. Sa pagbabasa ng “Kang” sa kanang tainga ng sanggol na Muslim kailangang:

   a. sabihin Muslim ka
   b. iparinig, binyagan ka na
   c. unang marinig ang pangalan ni Allah
   d. ibulong ang salitang pandita

3. Ang paghahanda ng Pagislam ng naaayon sa antas ng kabuhayan. Ang ibig sabihin:

   a. ang maykaya lang ang dapat maghanda nang maringal
   b. maghanda ang may ihahanda
   c. mayaman lamang ang may karapatang maghanda
   d. maghanda ang ibig maghandog ng pasasalamat sa abot ng makakaya

4. Sa simula pa lamang ay nababakas na ang istilo sa pagsulat ng may-akda hanggang sa pagsunud-sunurin ang tatlong hanay ng kanilang seremonya. Malinaw na kinababakasan ito ng:

   a. simula
   b. impresyon
   c. anyo at forms
   d. wakas

5. May ilang taon ang batang Muslim bago isagawa ang ikatlong seremonya. Ginagawa ito kung ang bata ay nasa

   a. tatlo at apat na taon
   b. ikapitong taon
   c. pagsapit ng sampung taon
   d. pagitan ng pito hanggang sampung taon

6. Tampok na gawain sa huling seremonya ang:
   a. pagbasa ng adzan
   b. pagbibigay pangalan
   c. paghahandog kay Allah
   d. seremonya ng pagtutuli

7. Sa idinaraos na seremonya, inilalagay ang pinutol na buhok sa isang mangkok na tubig. Ito'y isang:

   a. paniniwala
   b. tradisyon
   c. kasabihan
   d. kausuhan

8. Naghahanda ang mga Muslim ng kakaning korteng buaya, ito raw ay para sa kaligtasan ng bata sa paglalakbay sa tubig. Sa katoliko ang iba'y naniniwala pa sa pakikipag-uanahan sa paglabas ng simbahan. Ang bata na mauna sa paglabas ay magiging matalino sa pag-aaral at di patatalo sa labanan. Ito ay isang:

   a. katotohanan
   b. palagay
   c. kasabihan
   d. haka-haka

9-10. Ang aral na inihahatid sa atin ng akda ay:

a. Pagkakaroon ng tiwala sa kapwa
b. Pagkakaroon ng pananampalataya
c. Matutong magmahal at magpasalamat
d. Pagkilala sa may mataas na antas ng buhay

- Iwasto mo na ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong iskor ay 7-10 gawin ang panghuling pagsusulit at kung 6 pababa ang iyong nakuha, gawin ang inihanda ko pang pagsasanay.

**Paunlarin mo…**

Bumuo ng mga konseptong batay sa mga litang nasa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| at pinagkakakilanlan | magaganda |
| at mga piling | tradisyon |
| pinahahalagahan | ang ating |
| Ng ating lahi | |

- Iwasto mo ang nabuo mong konsepto sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Tama ba? Magaling!

## *Gaano ka na kahusay?*

Matapos ang iba't ibang pagsasanay na ibinigay ko sa iyo, sagutin mo na ang huling pagsubok upang malaman ko kung gaano ang natutunan mo sa modyul na ito. Handa ka na ba?

Simulan mo na.

Panuto: Piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat.

1. Alam nyo bang hindi lamang ang mga Kristiyano ang may binyag? Pagislam ang pinaniniwalaang pagbibinyag ng mga Muslim. Ang pahayag ay nangangahulugang:

a. matatapang ang mga Muslim
b. di-patatalo ang mga Muslim
c. magdiriwang ang mga Muslim
d. may ritwal ang mga Muslim

2. Ginagawa ang unang seremonya ilang oras pagka-panganak sa sanggol. Ibig sabihin

   a. maririnig na ang pangalang Allah
   b. maaari nang ihandog kay Allah
   c. babanggitin na ang unang salita
   d. pag-aaralan ang pangalang Allah

3. Naghahandog ng salu-salo ang mga magulang. Ito'y isang

   a. pagdiriwang
   b. utang na loob
   c. antas ng buhay
   d. pasasalamat

4. Ang seremonyang pagtutuli ay isinasagawa upang:

   a. maalis ang dumi ng pag-aari
   b. makilalang isa siyang Muslim
   c. ipahayag ang katapangan
   d. hugasan ang kasalanan

5. Ang Pagislam ay isang:

   a. nobela
   b. maikling kuwento
   c. anekdota
   d. sanaysay

6. Ang bagong Milimino, ang mga bayaning gumagala sa kapuluan; sila ang magigiting na tumatanggap ng:

   a. regalo
   b. batikos
   c. suhol
   d. papuri

7. Upang umunlad ang mga tao, di sila dapat maging

   a. tamad
   b. palaasa
   c. makasarili
   d. pabaya

8. Kapag nagkaroon tayo ng pagsulong at pag-unlad tiyak na ikararangal tayo ng ating:

   a. bayan
   b. magulang
   c. kababayan
   d. paaralan

9-10. Isa kang Islam, naniniwala ka na matagumpay na buhay ang tatahakin kung lumutang ang buhok sa tubig na nasa mangkok ngunit ang buhok na ito'y lumubog, ano ang iyong gagawin? Piliin ang 2 titik.

   a. hihintayin kong lumutang ang buhok sa tubig sa mangkok
   b. kalilimutan kung ako'y may anak na maghihirap
   c. kalilimutan ko ang tungkol sa paniniwalang ito
   d. magsisikap ako upang di abutin ng pagdarahop

- Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin ang susi sa pagwawasto na nasa guro mo.
Inaasahan ko na naging produktibo ang pag-aaral sa modyul na ito.